



Recovery para sa Maui Wildfire

Phase 1 Ipinagpaliban na Ari-arian

Ang ibig sabihin ng Phase 1 ipinagpaliban na ari-arian ay hindi maalís ng EPA ang mga mapanganib na materyales. Tatalakayin ng US Army Corps of Engineers ang mga ari-arian na ito sa Phase 2.

Nobyembre 20, 2023

Marami ang ibinigay ng Maui sa mundo. Bilang mga guests, kami ay pinarangalan na ibalik ang aming suporta.

A property is Phase 1 deferred when EPA cannot remove hazardous materials due to physical conditions at the site. A “Deferred” sign will be posted at all deferred properties. Inatasan ng Federal Emergency Management Agency ang EPA na magsurbey, mag-alis, at magtapon ng mga mapanganib na materyales. Ito ay tinutukoy bilang Phase 1. Ang isang ari-arian ay Phase 1 ipinagpaliban kapag hindi maalís ng EPA ang mga mapanganib na materyales dahil sa mga pisikal na kondisyon sa lugar. Ipopost ang isang “Deferred” na karatula sa lahat ng ipinagpaliban na ari-arian.



Ang aking ari-arian ay ipinagpaliban, ano ngayon?

Dahil sa mga kondisyon sa ari-arian, hindi ligtas na ma-access ng EPA field staff at mga kontratista ang ari-arian upang alisin ang mga mapanganib na materyales. Ang field staff ay hindi makapasok sa mga property dahil sa ilang mga panganib, tulad ng oberhed na mga panganib, mga natumbang puno,

kalupaan (tulad ng naka-harang na access), hindi matatag na mga istraktura, at iba pang hindi ligtas na mga kondisyon (tulad ng mga gumuhong sahig, gumuhong mga bubong, malalaking istrukturang naglalaman ng asbestos, atbp.).

Ang mga mapanganib na materyales ay maaaring naroroon pa rin sa lugar at maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan. Ang abo at mga kalat ay maaaring maglaman ng mga potensyal na nakakapinsalang contaminants tulad ng asbestos, lead, at arsenic na maaaring malanghap o kumalat sa kapaligiran sa pamamagitan ng hangin o kapag naabala. Ang ilang mga ari-arian ay maaaring nilagyan ng pampatatag ng lupa.

Ano ang mga susunod na hakbang para sa isang Ipinagpaliban na Ari-arian?

Ang pag-alis ng mga mapanganib na materyales para sa mga ipinagpaliban na ari-arian ay hahawakan ng US Army Corps of Engineers (Army Corps) sa Phase 2. Ang mga residente ay kailangang makipag-ugnayan sa Army Corps tungkol sa pag-alis ng mga kalat at pagsala sa abo para sa mga ari-arian. Makipag-ugnayan sa Army Corps sa Army Corps Debris Center sa (877) 214-9117, sa pagitan ng 6:00AM at 6:00PM araw-araw.

Ang Phase 1 ng ipinagpaliban na mga ari-arian ay posibleng may mga mapanganib na materyales at iba pang mga panganib.

Mag-ingat ka kung papasok sa mga ari-arian na ito.